## Kuwento 4 : Solomon

Talata sa Bibliya
[1 Mga Hari 3:9-10]

Bigyan po ninyo ako ng karunungang kailangan ko sa pamamahala at kakayahang kumilala ng mabuti sa masama. Sapagkat sino po ba ang may kakayahang maghari sa napakalaking bayang ito?"
Dahil ito ang hiniling ni Solomon, nalugod sa kanya si Yahweh

Gaya ni Haring David, ang hari ng Israel na si Haring Solomon ay lubos na umiibig sa Diyos.
Dumaan na ang maraming taon, ngunit hindi pa din natatayo ang templo ng Diyos sa Israel.
Kayan naman sinasamba nila ang Diyos sa mga matataas na lugar (kung saan may altar)
Isang araw, Si haring Solomon ay nagpunta sa Gibeon upang purihin ang Diyos.
Mayroong malaki at mataas na lugar doon. Sa altar ay doon nagbigay si Haring Solomon ng libong sunog na handog.
Ang Diyos ay nalugod sa handog ni Solomon.
Isang araw, ang Diyos ay nagpakita sa panaginip ni Haring Solomon.
"Solomon, hilingin mo ang kahit anong gusto mong ibigay ko sayo."
Sumagot si Solomon, "Bigyan mo ako ng karunungan at kaalaman upang mapamunuan ko ang mga tao."
Ang Diyos ay natuwa sa sagot ni Solomon.
Isang araw, ang dalawang babae na may dalang isang sanggol ang lumapit kay Haring Solomon.
Ang dalawang babae ay nagsasabing ang sanggol ay kanilang anak.
Si Solomon ay nag isip at dahil sa karunugan ng Diyos siya ay nakaisip ng isang nakakagulat na desisyon.





"Kunin niyo ang espada at putulin niyo ang bata. Ibibigay ang kalahati sa isang babae at ang isang kalahati ay sa isa pa." Nagulat ang lahat. Matapos sabihin ito ang isang babae ay nagsimulang umiyak.
"Nagmamakaawa ako! Huwag mong patayin ang aking anak! Ibigay mo nalang ito sa kanya."
Habang ang isang babae naman ay nagsabi, "Sige hatiin mo ang bata. Nang sagayon ay parehas kaming makakakuha ng parte sa bata."
Matapos ito si Haring Solomon ay nagkaroon ng isang desisyon.
"Ibigay niyo ang sanggol sa babae na humuling na buhayin ang sanggol. Siya ang tunay na ina."





Sa pamamagitan nito, si Haring Solomon ay nakagpasya ng tama gamit ang karunungang ibinigay sa kanya ng Diyos.
Salamat kay Haring Solomon dahil siya ay naging matalinong pinuno ng mga tao, at ang Israel ay payapa.
Ang balita na ang Israel ay payapa ay umabot sa kanilang kalapit na bansa at maraming tao ang nainggit sa karunungan ni Haring Solomon.
Kaya naman, maraming tao ang nag nais na makita si Haring Solomon.
Gayundin ang Reyna ng Sheba ay nagpunta upang bisitahin si Solomon gamit ang kaniyang mga kamelyo na nababalot ng ginto, alahas at pampalasa.
Ang Reyna ng Sheba, na naglakbay ng mahabang panahon upang bisitahin si Haring Solomon upang makita ang karunugan nito at nagtanong sa kanya ng ilang mga katanungan.
Sinagot ni Haring Solomon ang bawat katanungan na ito kahit gaano pa ito kahirap.
Ang Reyna ay lubos na humanga sa karunungan ni Solomon at pinuri ang Diyos na siyang nagbigay nito sa kanya.
Sa mga oras na iyon, Si Haring Solomon ay nagpasya na magpunta sa templo ng Diyos.
Ang mga Israelita ay naglaan ng pitong taon upang mabuo ang templo ng Diyos at nang mabuo na ito,
si Haring Solomon at ang mga Israelita ay nagpupunta doon upang magpuri sa Panginoon.
Matapos na manalangin si Haring Solomon sa Panginoon, itinaas ng Hari ang kaniyang dalawang kamay at pinagpala ang mga Israelita.



- **Bakatin at kabisaduhin ang Bible verse. (1 Mga Hari 3:9-10)**

Nalugod si Yahweh



**Gawain 1.** Kulayan ang bawat hugis ayon sa kulay nito sa mga direksyon sa ibaba.

Kagamitan: colored pencils.



**Gawain 2.** Isipin kung ano ang natutuhan ngayong araw at kulayan ang larawan sa ibaba.

